# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2024년 9월

ប្រតិទិនអធិស្ឋានចេញផ្សាយជារៀងរាល់ខែ ដែលមានជាង 100ភាសា និងមានអ្នកចូលរួមអធិស្ឋានជាង 110,000នាក់



**Panalangin para sa mga kababaihan sa Central Asia, Middle East, at North Africa 1**

Naiisip mo ba kung ano ang iyong magiging tugon kung sakali at ikaw ay uusigin dahil sa iyong pananampalataya? Ngayong 2024 ang pinakamalalang Kristianong bansa na pinag-uusig ay ang Hilagang Korea, Somalia, at Libya na may 26 Africanong bansa. Ang Nigeria ay may 4,100 Kristiano na napatay dahil sa pananampalataya. Sa ibang bansa, ang mga tao ay ni hindi makapanalangin ng malakas, ngunit ang Panginoon ay nakikinig nang mabuti sa pinakamasakit at desperadong pagdaing ng puso. At nakikinig Siya sa ating panalangin para sa iba.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다.

1. Panginoon, ibinigay Mo si Jesus upang kami ay palayain. Gabayan Mo po ang lahat ng Gawain na nauukol sa mga naging biktima ng human trafficking upang sila ay mapalaya sa kanilang pisikal at spiritual na dinaramdam. (Luke 4:18-19

2. Panginoon, tulungan Mo po ang mga kalalakihang taga Turkmenistan na mapakitunguhan nang may pagmamahal, kabutihan, at katapatan ang kanilang mga asawa. Patibayin Mo po ang loob ng mga kababaihan na hindi nabibigyan ng ganitong atensyon ng kanilang mga asawa. (Eph. 5:25)

3. Panginoon, nawa ang mga pamunuan ng mga Iglesya sa Kazakhstan ay magkaisa sa Iyo. Nawa ay makipagtulungan sila sa isa't-isa upang malutas ang mga hindi pagkakasundo nang may kapayapaan. (1 Cor. 1:10)

4. Diyos, ingatan Mo po at bigyan ng dignidad ang mga kababaihang Moroccan na humaharap sa pagbabagong panlipunan at kultura. Nawa ay magkaroon sila ng mga pagkakataon na makatanggap ng edukasyon at pagsasanay sa bokasyonal. (Isa. 41:10)

5. Ama, ingatan Mo po ang mga nasa Uzbekistan na biktama ng pang-aabusong pisikal at seksual sa loob ng kanilang pamilya. Pagkalooban Mo sila ng katatagan upang mapagtagumpayan ang kasamaan. (2 Sam. 22:3-4)

6. Ama, nawa, ang gawain ng aming grupo sa Gitnang Silangan ay magkaroon ng magandang resulta sa pamamagitan ng digital na mga pamamaraan upang mapatatag ang mga kababaihang Arab sa karunungan at kalakasan sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. (Prov. 31:25)

7. Panginoon, pagaangin Mo nawa ang pagdurusa at bigyan Mo ng pag-asa ang mga pamilya sa Kyrgyzstan na nagkahiwalay dahil sa pangingibang bansa. Nawa ang mga kababaihan at mga bata ay maalagaan at maipagkaloob ang kanilang mga pangangailangan. (Rom. 12:12)

8. Ama, dalhan Mo nawa ng kaligtasan ang mga kababaihang Tajikistan. Nawa ay matagpuan nila ang pagmamahal, pag-asa, pananampalataya at tulong galing kay Jesu-Cristo. (Ps. 121:1)

9. Panginoon, dalangin namin ang mga mag-asawa na apektado ng paghihiwalay, diborsyo, at paglalasing sa Karakalpakstan. Pagalingin mo nawa ang pag-aasawahang ito at nawa ay magkabalikan ang mag-asawa. (Matt. 19:6)

10. Diyos, nawa, ang mga Iglesya sa Turkish ay magliwanag sa mga panahong ito na may kahirapan ang buhay kung saan, marami ay napalayo sa Iyo. Nawa, ay masalamin Ka sa buhay ng mga Kristianong Turkish, upang Ikaw ay maluwalhati ng kanilang komunidad. (Dan. 12:3)

11. Panginoon, maraming kababaihan sa Northern Cyprus ang nakatuon sa Iyo para magkaroon ng magandang trabaho at sapat na suweldo. (Phil 4:19)

12. Diyos, maraming kababaihang Turkmenistan o kaya ay sa ngalan ng kanilang asawa ang nagsasagawa ng black magic upang magpagaling. Nawa ay malaman nila ang katotohanan at maging malaya mula sa kapangyarihan ng kadiliman. (Deut. 18:10-12)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

13. Ama, dalangin namin na nawa ang pananampalataya ng mga bagong mananampalataya sa Kazakhstan ay maging malakas at sila ay magtiwala sa Panginoon ng boong puso. (1 Cor. 16:13)

14. Mahabaging Ama, ingatan Mo nawa at pagkalooban ng katarungan, at kagalingan ang mga kababaihan sa Oman na nahaharap sa karahasan. (Prov. 18:10)

15. Panginoon, dalangin namin ang kababaihan sa Uzbekistan na nawa ay makita nila ang kanilang tunay na pagkakakilanlan at kahalagahan sa Iyo sa kabila nang hindi mabuting pakikitungo ng ilan sa kanilang mga asawa at ng iba pa. (Gen. 1:27)

16. Diyos, magdala Ka nawa ng kaligtasan sa mga Kabataan sa Kyrgyzstan. Naisin nawa nila ang sumunod sa Iyo ng boong puso hindi lamang dahil sa tradisyon kundi dahil sa kaugnayan sa Iyo. (Matt. 3:8-10)

17. Diyos, dalangin namin ang mga Kabataang babae ng Tajik na hindi nabigyan ng pagkakataon na makapag-aral dahil sa tradisyong kultural at relihiyon at walang mapagpipilian sa kanilang pamilya o Lipunan. Ps. 32:8)

18. Ama, dalangin namin ang mga kababaihang Karakalpakstan ay mapalaya mula sa pakiramdam na sila ay nagkakasala sa paniniwalang hindi sila mabuting asawa o ina. (Ps. 31:1)

19. Diyos, dalangin namin ang pagbangong spiritual at pag-unlad sa Iglesya ng mga kababaihang Tunisian at gayundin ang mga babaeng pinuno ng simbahan sa Egypt ay mapalakas at magpatuloy sa Gawain. (2 Pet. 3:18)

20. Ama, dalangin namin na nawa ay mabigkis ng pagtitiwala ang mga kristianong pamilya sa Türkiye. Nawa ay pag-isahin sila sa pag-ibig sa pamamagitan ng Iyong Espiritu. (Col. 3:14)

21. Diyos, magdala ka ng pag-asa, kagalingan at probisyon sa mga kababaihang Lebanese na naapektuhan ng kasalukuyang krisis sa ekonomiya. Nawa ay makarating ang Ebanghelyo sa mga taong hindi pa nakakakilala sa Iyo at madalhan sila ng tunay na kapayapaaan. (Ps. 34:18)

22. Panginoon, dalangin naman na tulungan Mo ang mga kababaihang Karakalpakstan na maging una Ka sa kanilang mga buhay at nawa sila ay makadalo palagi sa pananambahan sa kabila ng kanilang iba pang mga Gawain. (Heb. 10:25)

23. Purihin ang Diyos dahil sa batas na ipinasa sa Kazakhstan na ihinto ang karahasan sa loob ng tahanan. Sa ngayon, kapag ang asawang babae ay nag-ulat ng pang-aabuso sa mga kinauukulan ang nang-abuso ay mapaparusahan. (Col. 3:19)

24. Panginoon, bigyan mo proteksyon at tapang ang mga kababaihan sa Gitnang Silangan upang patuloy na lumaban para sa kanilang karapatang pangtao. Nawa, ang Ebanghelyo ay maiparating sa kanila ng aming grupo at matagpuan nila ang tunay na kalayaan sa Iyo. (Josh. 1:9)

25. Ama sa langit, pagkalooban Mo nawa ng karunungan at tapang ang mga mananampalataya sa Uzbekistan sa kanilang pagbabahagi ng Ebanghelyo. Ituro Mo sila sa mga taong bukas ang puso para sa Iyo. (James 1:5)

26. Panginoon, pagkalooban Mo ng karunungan ang mga namumuno sa Kyrgyzstan sa pagbuo nila ng mga pagbabago sa sistema ng edukasyon at medical upang matulungan ang mga nangangailangan. (1 Kings 3:9)

27. Dalangin namin ang paglagong Espiritual at pakikisama ng mga mananampalatayang kababaihang Jordanian. Panginoon, nawa ay mapuno sila ng Iyong Salita at maibahagi ito sa mga kababaihan sa kanilang komunidad. (Col. 1:10)

28. Diyos, ingatan Mo nawa at pagkalooban ng kanilang mga pangangailangan ang mga biyuda at solong ina sa mga lugar ng Yemen na may digmaan. Nawa, ang mga Kristiano doon ay makakuha ng lakas at pag-asa sa Iyo. (Ps. 91:1-2)

29. Ama, palakasin Mo ang mga kababaihang Tajik na nakatira sa mga liblib na lugar at inuusig ng kanilang pamilya dahil sa pananampalataya kay Cristo. (Matt. 5:11)

30. Dalangin namin na nawa ay makasumpong ng kagalingan at buhay sa Iyo ang mga nagdurusa sa kalagayang pisikal at spiritual sa Türkiye. Nawa, ang mga nasasaktan ay mapalaya mula sa lahat ng umaallipin sa kanila. (Rom. 8:2)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**